# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA KAYARIAN/PAGLALAPAT NG BINASA/KONGKRETONG PANSUPORTANG DETALYE

*Kaibigan! Narito na naman ako, ang iyong modyul upang samahan ka sa pagtuklas ng bagong kaalaman. Pagkatapos ng araling ito, inaasahan kong :*

- *Nagagamit mo na sa pagpapahayag ng kaisipan at damdamin ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa kayarian*
- *Nailalapat mo na ang kahalagahan ng binasa sa sariling karanasan at*



## Pagbalik-aralan

**Tingnan ang larawan. Sumulat ng mga pangungusap na may iba't ibang kayarian tungkol sa larawan. Ang iyong pangungusap ay maaaring payak, tambalan o hugnayan.**



Payak 1.
2.
Tambalan 3.
4.
Hugnayan 5.

Tingnan mo ang aking isinulat, ganito rin ba ang <u>kayarian</u> ng iyong pangungusap?

- Payak – Maganda ang tanawin sa tabing-dagat
- Tambalan – Ang tabing dagat ay malinis at ito ay napapaligiran ng maraming puno.
- Hugnayan – Masarap maligo sa dagat ngunit kailangang mag-ingat.

Basahin



Ang Romblon ay matatagpuan sa gitnang arkipelago ng Pilipinas. Ito'y malapit sa karagatan ng Sibuyan. Tinatawag itong lugar ng marmol ng ating bansa.

Ang mga naunang tao sa Romblon ay mga Negritos na mula sa Panay at mga Mangyans na mula naman sa Mindoro. Ngayon, mangilan-ngilan na lang ang mga

taong ito na naninirahan sa bundok ng Tablas at sa lugar ng Sibuyan.

Hindi gaanong kilala at bantog ang Romblon dahil hindi ito masyadong napupuntahan ng mga tao.  Ngunit kung masisilayan lamang ito, masasabing hindi pangkaraniwan ang ganda ng tanawin dito. Makakasalamuha rin ang mga taong mababait at maasikaso kaya halina't simulan na natin ang paglalakbay!

**Ilang Atraksyon**

**Bundok Guiting-guiting**

Ito ang pinakamataas na bundok sa Romblon na matatagpuan sa Sibuyan na may taas na 6,000 talampakan sa lebel ng dagat.  Isa itong pinakamahirap pasukin na bundok sa Pilipinas dahil hindi pa ito gaanong nagagalugad. Ang pag-akyat sa bundok na ito ay hindi madali kaya kakailanganin  pa na may kasamang may karanasang guide para lalong ma-enjoy  ang natural na ganda ng Mount Guiting-guiting.

**Marmol**

Kilala ang Romblon sa katangian ng kanyang marmol.  May angking kulay ang mga ito na bibihira lang makita tulad ng itim, ginintuan at berde. Lahat ng isla sa Romblon ay mayroong marmol at ito lang ang lugar sa Asia na nakukunan ng marmol na may halaga na pangkomersiyo.  Maraming eksperto ang nagsasabi na ang kalidad ng marmol ng Romblon ay parehas lang ng marmol sa Italya.

**Kuta ng San Andres**

Ito ay isang lumang kuta ng mga Kastila na gawa sa tisa na nasa tuktok ng bundok ng San Andres.  Ito ang nagsisilbing bantayang tore laban sa mga Muslim at Dutch na mangungulimbat noong panahon ng mga Kastila.

**Katedral ng St. Joseph**

Itinayo ito ng mga paring rekoleto noong ika-15 siglo.  Ito ang pinakalumang simbahan dito sa Romblon. Makikita rito ang Byzantine altar, mga ipinintang pangrelihiyon, mga antigong gamit o mga istatwa ng mga poon at mga de kulay na salamin na nagpapaganda sa anyo ng simbahan.

**Mga Dalampasigan**

Nababalutan ng maputi at pinong buhangin ang dalampasigang ito na matatagpuan sa Brgy. Lanos Borbon.  Saang bayan matatagpuan ito?  Marami nang nakasaksi sa gandang hatid ng dalampasigang ito, tulad na lamang ng sariwang hangin, malinis na tubig na hindi kakikitaan ng damong dagat at matatalas na mga bato.

**Mainit Falls**

Ang talon na ito ay mainit kung saan dito kinuha ang kanyang pangalan na matatagpuan sa Brgy. Patoo, Odiongan.  Ito'y nasa pagitan ng malalagong halaman at mga puno na nagbibigay ng kasiyahan sa sinumang dadalaw rito.

**Paano ang Pagpunta**

Ang probinsiya ng Romblon ay mararating gamit ang barko mula sa Batangas, Mindoro, at Lucena. Ang pangunahing daungan para makapunta sa Romblon ay ang pier ng Romblon (kapital ng Romblon) at Odiongan. Mga jeepney at tricycle ang uri ng transportasyon sa bayan ng Tablas, Romblon at Sibuyan.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Saan matatagpuan ang Romblon?
2. Sino ang mga naunang tao sa Romblon?
3. Bakit hindi masyadong kilala ang Romblon?
4. Anu-anong mga atraksyon mayroon sa Romblon?
5. Ilarawan ang Bundok Guiting-guiting.
6. Bakit maipagmamalaki ang marmol ng Romblon?
7. Bakit makasaysayan ang Kuta ng San Andres? Ang St. Joseph Cathedral?
8. Sa iyong palagay, napapananatili ba ng mga taga-Romblon ang kagandahan ng kanilang dalampasigan at talon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Nasagot mo bang lahat ang aking katanungan? Tingnan nga natin. Itulad ang iyong sagot sa akin.

1. Ang Romblon ay matatagpuan sa gitnang Arkipelago ng Pilipinas. Ito'y malapit sa karagatan ng Sibuyan.
2. Ang mga naunang tao sa Romblon ay mga Negrito na mula sa Panay at mga Mangyan na mula naman sa Mindoro.
3. Hindi gaanong kilala ang Romblon dahil hindi ito masyadong napupuntahan ng mga tao.
4. Ipinagmamalaki ng Romblon ang Bundok Guiting-guiting, Kuta ng San Andres, St. Joseph Cathedral, dalampasigan ng Borbon, Mainit Falls at ang marmol na matatagpuan dito.
5. Ang Bundok Guiting-guiting ang pinakamataas na bundok sa Romblon.
6. Ang marmol sa Romblon ay may "commercial value".
7. Ang Kuta ng San Andres ay nagsisilbing bantayang tore laban sa mga Muslim at Dutch na mangungulimbat noong panahon ng mga Kastila. Ang St. Joseph Cathedral ay itinayo ng mga Paring Rekoletos noong ika-15 siglo. Ito ang pinakalumang simbahan dito sa Romblon.

8. Napanatili ng mga taga Romblon ang kagandahan ng kanilang lugar dahil dito'y malinis ang tubig at sariwa ang hangin. Marami ring malalagong halaman at punungkahoy ang matatagpuan dito.

O, ano tama bang lahat ng sagot mo? Magaling!

## Pahalagahan

Ipinagmamalaki mo rin ba ang iyong lugar? Makapagbibigay ka ba ng pangungusap na naglalarawan dito? Isulat mo ang iyong sagot sa isang sagutang papel.

## Pag-aralan Natin

**A. Basahin ang mga pangungusap na hinango ko sa ating lathalain. Pansinin ang uri ng pangungusap ayon sa kayarian. Ito ba'y payak, tambalan, hugnayan? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.**

1. Ang Romblon ay matatagpuan sa gitnang Arkipelago ng Pilipinas.
2. Ang naunang tao sa Romblon ay mga Negrito na mula sa Panay at ang mga Mangyan naman ay mula sa Mindoro.
3. Hindi ganoon kakilala ang Romblon dahil hindi ito masyadong napupuntahan ng mga tao.
4. Masasabing hindi pangkaraniwan ang ganda ng tanawin dito kung masisilayan lamang ito.
5. Makakasalamuha rito ang mga taong mababait at maaasikaso.

Tingnan nga natin kung nakilala mong lahat ang mga pangungusap ayon sa kayarian? Narito ang tamang sagot.

1. payak
2. tambalan
3. tambalan
4. hugnayan
5. payak

Nakuha mo ba ang tamang sagot, kid?

**B. Batay sa iyong karanasan, sumulat ng pangungusap tungkol sa iyong lugar. Sundan ang aking naunang mga pangungusap. Gumamit ka ng iyong sariling salita sa puwang.**

1. Ang Romblon ay hindi masyadong napuntahan ng tao.

Sagot _ _ _ ____________ ay _____________ napuntahan ng tao.

2. Makikilala mo rito ang mga taong mababait at maasikaso kaya halina't pumunta tayo rito.

Sagot _ _ _ Makikilala mo rito ang mga taong _____________ at _____________ Kaya ______________ .

3. Sa mga beach ay makikita ang mapuputi at pinong buhangin.

Sagot _ _ _ Sa mga ____________ ay nakikita ang ___________ at ___________.

4. Ang talon ay naliligiran ng malalagong halaman at ang mga puno ay nagbibigay ng kasiyahan.

Sagot _ _ _ Ang _____________ ay naliligiran ng ____________ at ang ____________ ay nagbibigay ng ____________ .

5. Ang probinsya ng Romblon ay mararating sa pagsakay ng barko mula sa Manila, Batangas, Mindoro at Lucena at jeepney at tricycle naman ang sasakyan sa bayan.

Sagot _ _ _ Ang _______________ ay mararating gamit ang _______________ at _______________ naman ang sasakyan sa bayan.

**C. Sumulat ng talata tungkol sa Romblon. Isulat sa unang pangungusap ang pangunahing kaisipan. Tiyakin na ang mga sumusunod na pangungusap ay mga detalye na sumusuporta sa pangunahing kaisipan.**

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

## Subukin Mo

**A. Sumulat ng talata tungkol sa Baguio batay sa mga sumusunod na seleksyon. Isulat ang pangunahing kaisipan sa unang pangungusap. Tiyakin na ang sumusunod na detalye ay sumusuporta sa pangunahing kaisipan.**




Sa patuloy na pag-init ng panahon, kung hindi dagat, ang pag-akyat sa Baguio ang paboritong destinasyon ng marami ngayong tag-araw. Binansagang kapitolyong pantay-araw ng bansa ang Baguio na matatagpuan sa bulubunduking bahagi ng Cordillera sa Hilagang Luzon. Makikita ito sa pinakapusod ng Benguet na may layong 250 kilometro mula sa hilagang Maynila. Sa paglipas ng maraming taon, ang dating berdeng latian ay nagbagong-anyo at kinilala ngayon na isa sa pinakamalinis at pinakaluntiang lungsod sa bansa.

Bago pa man sakupin ng mga Amerikano ang Pilipinas, unang nakilala ang Baguio sa tawag na 'racheria' kung saan nakilala ang mga mababa at malalaking pamayanan na tinatawag na "Kafagway". Sa pagdating sa bansa ni American Governor Luke Wright, inutusan nito si Architect Daniel Burnham na magtayo ng resort na babahayan ng mga Amerikanong sundalo. Tinawag ang proyekto na Burnham Plan. Noong Nobyembre 1900 itinatag ang unang munisipalidad ng Benguet kung saan ang Baguio ang ginawang kabisera nito. Sumunod na dito ang pagtatayo ng Camp John Hay.

Dahil sa malamig na klima, naging paboritong bakasyunan ang Baguio hindi lamang ng mga turista kundi maging ng mga bakasyunistang lokal lalo na kapag tag-init. Lalo pang lumalamig ang hangin sa paligid ng lungsod kapag nalalapit na ang Kapaskuhan. At dahil sa malamig na klima, akmang-akma ang lugar sa pagtatanim ng bulaklaking halaman at sariwang gulay.

| Pangunahing Kaisipan | - Ang Baguio ang paboritong destinasyon ng marami ngayong tag-init. |
|---|---|

Magpalamig Tayo sa Baguio

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________ .

**B. Sumulat ng mga pangungusap tungkol sa inyong lugar sa kayariang :**

Payak 1.
2.
Tambalan 3.
4.
Hugnayan 5.

Okey ka ba? Sana'y nasiyahan ka sa mga gawain natin sa araling ito. Inaasahan kong magkakasama tayong muli sa susunod na modyul.

Hanggang sa muli nating pagsasama!